

UNIVERSITY OF THE PHILIPPINES MANILA
College of Arts and Sciences – Department of Arts and Communication
Bachelor of Arts in Philippine Arts
PA 199 - Research Methods in Philippine Arts
Prof. Odessa Joson

Annotated Bibliography 2

Sanggunian 1

Institute of Historic Building Conservation. (2020). *Gustavo Giovannoni on planning in historic towns*. Retrieved from https://www.designingbuildings.co.uk/wiki/Gustavo_Giovannoni_on_planning_in_historic_towns

Sa artikulo na ito, sinuri ang mga kontribusyon ni Gustavo Giovannoni sa *urban planning* at konserbasyon ng mga makasaysayang bayan sa historikal na pamamaraan. Ang teoryang *diradamento* o ang pagbabalanse ng pangangailangan ng modernisasyon at pagpapanatili ng *heritage sites* ay inilahad dito. Ang ideya na ito ay binigyang-diin para hindi lubos na masira ang mga makasaysayang estruktura sa gitna ng pagtugon sa mga modernong pangangailangan tulad ng transportasyon at kalinisan ng mga makasaysayang bayan. Inilahad din ang pagkakaiba sa pagitan ng mga *major at minor buildings* na kung saan binigyang halaga ang *urban ensemble* sa kabuuan kaysa sa iisang monumento lamang. Ibinahagi rin ang pagtuligsa ni Giovannoni sa *sventramento* o malawakang demolisyon ng mga makasaysayang estruktura bilang bahagi ng modernisasyon, at mahigpit na inirerekomenda ang mas pinong paraan ng pagsasaayos ng mga ito.

Ang artikulong ito ay may malaking kaugnayan sa aking pag-aaral tungkol sa Las Piñas Historical Corridor, partikular sa konserbasyon ng mga estruktura sa gitna ng pagkakaroon ng modernong pangangailangan sa komunidad. Ang ideya ng *diradamento* bilang isang alternatibong pamamaraan ng konserbasyon sa *urban planning* ay maaaring iangkop sa pagsusuri ng mga estruktura sa Las Piñas. Ito ay magbibigay ng panibagong perspektibo sa konserbasyon ng *corridor* dahil itinatampok nito ang pagbibigay prayoridad kabuuang *heritage ensemble* kaysa sa pagbibigay ng labis na pansin sa mga indibidwal na gusali. Bukod dito, ang pagbibigay-liwanag sa relasyon ng mga gusali sa kanilang paligid ay mahalaga sa pag-unawa sa *urban context* ng bayan ng Las Piñas. Sa kabuuan, ang prinsipyo ni Giovannoni ay nagsisilbing malaking inspirasyon sa paghahanap ng balanseng diskarte sa konserbasyon at modernisasyon ng mga makasaysayang bayan.

Sanggunian 2

Rhoden, L. F. (2017). *Theoretical contributions of Camillo Boito and Gustavo*

Giovannoni and their possible applications in Brazil. *Conversaciones...*, (4), 232-246. Retrieved from

<https://revistas.inah.gob.mx/index.php/conversaciones/article/download/11900/12665/23194>

Sa pag-aaral na ito, gumamit ang may-akda ng makasaysayang pagsusuri upang siyasatin ang mga ideya ni Camillo Boito at Gustavo Giovannoni at ang kanilang aplikasyon sa larangan ng konserbasyon ng *cultural heritage* sa Rio Grande do Sul,

Brazil. Inilahad at pinag-aralan ang kanilang mga prinsipyo bilang bahagi ng teoretikal na pundasyon para sa mga proyekto ng konserbasyon. Tinalakay dito ang mga naging pangunahing kontribusyon at implikasyon ng mga teorya nila sa pamamahala ng *cultural heritage* sa Brazil. Isinaliwalat din ang kaibahan sa pagitan ng mga teorya at aktwal na praktika sa konserbasyon na kung saan mas nagiging eksperimental ang ilang proyekto sa halip na sumunod sa mga itinatakhang prinsipyo. Nailahad din ang mga hamon sa pagpapanatili ng awtentisidad ng *heritage sites* sa gitna ng modernong pagsasaayos.

Malaki ang kaugnayan ng akda na ito sa konserbasyon ng mga makasaysayang estruktura dahil sa pagsusuri ng teorya ni Giovannoni tungkol sa *urban heritage*, na maaaring iangkop sa mga *heritage sites* sa Las Piñas Historical Corridor. Maaari din gamitin ang mga prinsipyo ni Boito sa pagpapanatili ng awtentik na aspeto ng mga estruktura bilang pagpapanatili ng *cultural integrity* ng mga makasaysayang estruktura. Sa pamamagitan ng mga konsepto ng konserbasyon ng *urban ensembles*, maaaring makabuo ng mas holistikong plano para sa Las Piñas Corridor. Sa pangkalahatan, makakatulong ang artikulong ito sa pagsusuri ng wastong pamamaraang konserbasyon sa pagsasaalang-alang sa orihinal na konteksto ng mga estruktura, na makapagpapalawig sa kaalaman at kamalayan tungkol sa tamang pamamahala ng *cultural heritage* sa bayan ng Las Piñas.

Sanggunian 3

Wang, Q., Yang, C., Wang, J., & Tan, L. (2024). *Tourism in historic urban areas:*

Construction of cultural heritage corridor based on minimum cumulative resistance and gravity model—A case study of Tianjin, China. Buildings, 14(7), 2144. <https://doi.org/10.3390/buildings14072144>

Sa pag-aaral na ito, gumamit ang mga mananaliksik ng Minimum Cumulative Resistance (MCR) model at Gravity Model (GM) upang bumuo ng isang cultural heritage corridor at pag-aanalisa sa mga makasaysayang pook ng Tianjin. Sa artikulong ito, nilalayong bumuo ng isang *network* ng *cultural heritage corridors* upang mapalakas ang koneksyon at proteksyon ng mga makasaysayang pook sa lugar. Inilahad ang proseso ng pagtukoy sa mga pangunahing *heritage sources* at ang pagkalkula ng kanilang *interaction forces*. Sa huli, nakabuo ang pag-aaral ng isang organisadong *corridor network* na nagpapahusay sa aksesibilidad ng *heritage sites* at pook-pasyalan sa Tianjin.

Parehong layuning ng pag-aaral na ito at ng aking pananaliksik ang pangangalaga at pagsulong ng turismo sa mga *cultural heritage sites* sa pamamagitan ng konserbasyon at renobasyon ng mga makasaysayang estruktura. Ang mga ginamit na modelo at teknik sa akdang ito ay maaari ding iangkop sa pagsusuri ng *corridor* sa Las Piñas upang matiyak ang koneksyon at proteksyon ng makasaysayang estruktura. Bukod dito, mahalaga rin bigyang-pansin ang *resistance cost analysis* upang masuri ang estratehiya sa *aksesibilidad* at *network connectivity* ng bawat lugar, na may aplikasyon sa pamamahala ng *heritage corridor* sa Las Piñas. Sa pamamagitan nito,

maaaring mailahad ang epekto ng konserbasyon at renobasyon ng mga estruktura sa turismo at kultural na kamalayan ng komunidad sa Las Piñas.

Sanggunian 4

Mekonnen, H., Bires, Z., & Berhanu, K. (2022). *Practices and challenges of cultural heritage conservation in historical and religious heritage sites: Evidence from North Shoa Zone, Amhara Region, Ethiopia*. *Heritage Science*, 10(1), 172. <https://doi.org/10.1186/s40494-022-00802-6>

Sa pananaliksik na ito, gumamit ang mga may-akda ng *mixed-method approach* na may *descriptive* at *explanatory cross-sectional research design*. Tinalakay dito ang kalagayan ng konserbasyon sa North Shoa Zone at ang mga pangunahing problema na kanilang kinaharap sa pagpapanatili ng mga pook-pangkasaysayan at panrelihiyon. Kabilang sa mga naging hamon sa pangangalaga ng *heritage sites* ay ang kawalan ng pondo, kakulangan sa pangangasiwa, at kalamidad. Sa pamamagitan nito, inilahad nila na ang pagpapatibay ng suporta mula sa pamahalaan at ang pakikilahok ng komunidad ang naaayong rekomendasyon pang matamo ang pangmatagalang proteksyon ng *cultural heritage*.

Ipinapakita sa pag-aaral ang mga hamon sa pangangalaga ng *heritage sites* na maaaring maiangkop sa sitwasyon sa Las Piñas. Mabuting bigyang-pansin ang mga nabanggit na mga problema at iminungkahing hakbang sa pagpapabuti ng konserbasyon sa lugar upang magkaroon ng mas malawak na pagkakaunawaan

tungkol sa kalagayan ng konserbasyon sa Las Piñas Historical Corridor at magkaroon ng konkretong gabay sa pangangalaga dito. Malaki ang porsyento na pareho ring mga banta sa Las Piñas Historical Corridor ang mga hamong natukoy sa Ethiopia kaya ang pagsasama ng komunidad sa konserbasyon at promosyon ng turismo na iminungkahi sa pag-aaral ay makatutulong sa pagpapalawig ng kultural na kamalayan sa mga residente ng Las Piñas.

Sanggunian 5

Palanca, J. (2023, July). *The struggle to save the Philippines' architectural heritage. The Diplomat*. Retrieved from <https://thediplomat.com/2023/07/the-struggle-to-save-the-philippines-architectural-heritage/>

Sa artikulong ito, inilarawan ang kalagayan ng mga makasaysayang estruktura sa Pilipinas at ang mga pagsubok sa pagpapanatili nito sa pamamagitan ng makasaysayang pagsusuri. Ibinahagi rin ang mga naging pananaw ng ilang mambabatas at eksperto ukol sa konserbasyon ng mga pamanang estruktura sa Pilipinas. Kaugnay sa naging sunog na sumira sa Manila Central Post Office, binigyang-diin sa artikulo ang pangangailangang mapanatili ang mga makasaysayang gusali ng bansa. Inilahad ang mga pangunahing hamon sa konserbasyon ng mga makasaysayang estruktura, kabilang ang kakulangan ng pondo, ang pagkawala ng interes ng ibang opisyal ng gobyerno, at mga hindi natutugunang pangangailangan sa konserbasyon. Ibinahagi rin ang mga nakikitang estratehiya upang protektahan ang

mga natitirang makasaysayang gusali katulad ng pagbuo ng patnubay at mas mahigpit na batas.

Ang artikulong ito ay nagbibigay ng mas malalim na impormasyon ayon sa mga hamong kinakaharap ng konserbasyon ng mga pamanang gusali sa Pilipinas, na maaaring maiugnay konserbasyon at renobasyon ng mga makasaysayang estruktura sa Las Piñas Historical Corridor. Malaki ang posibilidad na nakakaapekto rin sa Las Piñas Historical Corridor ang mga nabanggit na suliranin, lalo na ang epekto ng mga naantalang aksyon sa konserbasyon, na mahalaga sa pagsusuri ng kasalukuyang kalagayan ng mga gusali sa Las Piñas. Samakatuwid, ang pinapalakas ng akdang ito ang mungkahing palakasin ang mga hakbang sa pagpreserba ng mga makasaysayang estruktura sa pamamagitan ng mas pinaigting na pamamahala at pagtataguyod ng mga stratehiyang konserbasyon.